

BACKGROUND 5

Para sa Agarang Paglabas
2021FIN0023-000744
Abril 20, 2021

Ministeryo ng Pananalapi

Namumuhunan sa B.C. ngayon para sa isang malakas na pagbawi ng ekonomiya

Sa pamamagitan ng pagpapanatili na malusog ang mga tao at pamumuhunan sa mga komunidad, ang B.C. ay maaaring kumilos patungo sa isang malakas na pagbawi ng ekonomiya na kabilang ang lahat.

Sa pamamagitan ng tinarget na pagsasanay, mga pamumuhunan sa imprastruktura at paggawa ng trabaho, ang Badyet 2021 ay magtatrabaho upang magbigay ng mga pangmatagalang oportunidad para sa mga tao, mga negosyo at mga komunidad.

Pamumuhunan sa mga tao sa pamamagitan ng bagong pagsasanay at mga oportunidad sa trabaho

Nang tumama ang COVID-19 sa B.C., maraming mga tao at mga pamilya ang nakaranas ng pampinansiyal at pang-emosyonal na stress ng hindi inaasahang pagkawala ng trabaho. Sa ilang mga sektor, ang trabaho ay bumalik na o nalampasan ang mga antas bago ang pandemya, ngunit hindi lahat ay naapektuhan sa parehong paraan. Ang pamumuhunan sa pagkatapos-ng-sekondaryong edukasyon at mga oportunidad sa pagsasanay ng mga kasanayan ay isang mahalagang bahagi ng pagbawi ng B.C. Ang Badyet 2021 ay namumuhunan sa pagsasanay at muling pagsasanay ng mga tao upang makakuha ng magandang magbayad na mga trabaho at palakasin ang puwersa ng manggagawa, kabilang ang:

- \$96 milyon sa loob ng tatlong taon para sa mga bagong lugar sa pagsasanay upang patuloy na bumuo ng isang puwersa ng manggagawa upang dagdagan ang kapasidad ng sektor ng kalusugan, kabilang ang pagsasanay para sa mga kalahok ng Akses sa Karera sa Kalusugan na Programa (Health Career Access Program).
- \$32 milyon na isang beses na pagpopondo upang ituloy ang sinimulang pagsasanay sa pamamagitan ng Plano sa Pagbawi ng Ekonomiya ng Mas Malakas na BC (StrongerBC Economic Recovery Plan), kabilang ang:
 - \$17 milyon upang makipagsosyo sa daan-daang mga Katutubong komunidad at mga organisasyon upang palawakin ang pag-akses sa mga programa sa pamamagitan ng Katutubong Pagsasanay sa mga Kasanayan na programa.
 - \$5 milyon upang palawakin ang mga pamumuhunan na ginawa noong 2020-21 para sa micro-credential na pagsasanay sa B.C. para sa mga taong naghahanap na muling magsanay at maghanap ng mga bagong oportunidad sa karera, na nagdadagdag ng 30 mga bagong micro-credential na programa.
 - \$6 na milyon upang suportahan ang isinama sa trabahong pag-aaral na mga placement para sa halos 3,000 mga mag-aaral sa mga post-sekondaryong institusyon sa B.C., na tinutulungan ang isa sa mga pinakamalakas na tinamaang demograpiko na makakuha ng makahulugang trabaho.
 - \$4 na milyon upang ipagpatuloy ang mga panandaliang programa ng pagsasanay ng mga kasanayan para sa walang trabaho o kulang sa trabahong mga tao upang magsanay sa mga sektor na may mataas na pangangailangan, tulad ng konstruksyon, teknolohiya, pangangalagang pangkalusugan at pangangalaga ng bata upang matiyak na ang mga nagtatapos na mag-aaral ay mahusay na nakaposisyon upang makakuha ng isang trabaho.

Mga oportunidad sa trabaho para sa kabataan ng B.C.

Ang pamahalaan ay nagtatrabaho upang matiyak na ang pandemya ay hindi nakakagambala sa panghinaharap na tagumpay ng kabataan ng B.C. Sa pamamagitan ng Badyet 2021 at Plano ng Pagbawi ng Ekonomiya ng Mas Malakas na BC (StrongerBC Economic Recovery Plan), ang Lalawigan ay lumilikha ng mga oportunidad sa trabaho at pagsasanay para sa halos 5,000 kabataan sa pamamagitan ng:

- \$15 milyon upang palawakin ang Inisyatiba sa mga Kasanayan ng Tagapagbago na programa na nagbibigay ng hanggang \$10,000 sa pagpopondo para sa mga negosyo upang tumulong na mag-empleyo

- ng hanggang sa 3,000 mga post-sekondaryong mag-aaral na nakakumpleto ng sertipikasyon o pagsasanay.
- \$9 na milyon para sa halos 160 mga trabaho sa programa ng Trabaho ng Kabataan sa Likas na Kayamanan (Natural Resource Youth Employment program).
- Ang \$7 milyon sa pamamagitan ng Plano sa Pagbawi ng Ekonomiya ng Mas Malakas na BC (StrongerBC Economic Recovery Plan) ay namuhunan sa Digital Technology Supercluster upang suportahan ang pagpapalawak ng programa sa Pagpapabilis ng Canadian Tech na Talento (Canadian Tech Talent Accelerator program) sa loob ng B.C. upang suportahan ang 1,400 hanggang 2,000 Katutubo, Itim, mga taong may kulay at kulang sa representasyong kabataan tungo sa programa ng pag-iinterna.
- \$4 na milyon upang suportahan ang mahigit sa 80 mga oportunidad sa trabaho ng kabataan sa pamamagitan ng mga Parke ng BC (BC Parks), Mga Serbisyo ng Opisyal sa Konserbasyon (Conservation Officer Services) at Aquatic Invasive Species na programa.
- \$5 milyon upang mapahaba ang Malinis na Baybayin, Malinis na mga Tubig (Clean Coast, Clean Waters) na programa na sinimulan sa Plano ng Pagbawi sa Ekonomiya ng Mas Malakas na BC (StrongerBC's Economic Recovery Plan) upang gumawa ng halos 180 mga trabaho sa pagtatanggal ng mga labi ng dagat mula sa mga baybay-dagat.
- \$3 milyon para sa mga Lugar na Panlibangan at mga Daanan ng BC (Trails BC) na programa ng kabataan ng BC upang gumawa ng 72 mga bagong trabaho upang makatulong na ibalik ang pampublikong mga lugar ng libangan sa labas at magbigay ng mga trabaho sa kanayunan at malayong mga komunidad.

Pamumuhunan sa mga komunidad para sa isang mas malakas na pagbawi ng ekonomiya

Ang mga komunidad ng B.C. ay nagpakita ng katatagan sa loob ng nakaraang taon. Kabilang sa Badyet 2021 ang makasaysayang mga pamumuhunan upang magtayo sa katatagang iyon sa pamamagitan ng pagtulong na tiyakin na ang tamang imprastruktura ay nasa tamang lugar upang maghatid ng mga serbisyong inaasahan ng mga tao, habang gumagawa ng mga trabaho at pinababago ang mga ospital, mga paaralan, mga haywey at mga proyekto ng transit.

Ang Badyet 2021 ay nagbibigay ng isang tala na \$26.4 bilyon sa mga pamumuhunang sinusuportahan ng nagbabayad ng buwis sa loob ng tatlong taon bilang bahagi ng plano sa kapital ng Lalawigan. Ang talaang paggastos sa kapital sa loob ng tatlong taon ay \$3.5 na bilyong mas mataas kaysa sa tatlong taong plano sa Badyet 2020 na may mga pamumuhunan sa kalusugan, edukasyon at transportasyon. Ang mga pamumuhunan sa kapital ay inaasahan na gumawa ng mahigit sa 85,000 mga trabaho sa loob ng plano ng pananalapi.

Ang mga pamumuhunang ito ay nagtatayo sa mga makasaysayang pamumuhunan na ginawa ng pamahalaan tungo sa kritikal na imprastruktura. Ang pagtutuo ay nasa parehong umiiral na mga proyekto, upang ang mga tao ay maaaring makabalik kaagad sa trabaho, at sa pagsusuporta sa pundasyon ng pangmatagalang pagbawi sa pamamagitan ng mga bagong pamumuhunan sa mga sektor ng transportasyon, kalusugan at edukasyon.

Ang Badyet 2021 ay namumuhunan din sa mga bagong oportunidad at umiiral na imprastruktura sa komunidad sa pamamagitan ng:

- Bagong batayang pagpopondo na \$40 milyon sa loob ng susunod na tatlong taon upang magbigay ng napakabilis na internet at cellular na saklaw para sa kanayunan at malayong mga komunidad, kabilang ang mga Katutubong komunidad.
- \$36 na milyon sa pondo ng pagpapatakbo at \$47 milyon sa pagpopondo ng kapital para sa mga Parke ng BC (BC Parks) upang mapalawak at mapabuti ang mga daanan at likod ng bayang imprastruktura, magdagdag ng 100 bagong lubos na serbisyong mga lugar ng kamping bawa't taon, bumili ng bagong lupa upang palawakin ang mga parke, mapahusay ang sistema ng reserbasyon ng Discover Camping, at suportahan ang umiiral na imprastruktura ng parke.
- \$30 milyon upang suportahan ang mga inisyatiba sa komunidad sa buong B.C. upang markahan ang ika-150 anibersaryo ng pagpasok sa kompederasyon ng B.C. Ang mga pamumuhunan ay makakatulong na mapaunlad ang pagkakasundo, kilalanin ang pagkakaiba-iba na tumutulong sa masiglang panlipunan at pang-ekonomiyang himaymay ng BC, at sinusuportahan ang katatagan at pagbawi sa buong lalawigan upang markahan ang mahalagang pagbabago.

Kabilang din sa Badyet 2021 ang \$11 milyon sa loob ng plano ng pananalapi upang suportahan ang mas mabilis na pagpapahintulot para sa batay-sa-lupang ekonomiya.

Ang Lalawigan ay magpapatuloy na makipagtulungan sa mga negosyo, mga ekonomista at Katutubo at mga pinuno ng komunidad upang matiyak ang isang malakas at napapanatiling pagbawi para sa lahat ng mga komunidad ng B.C.

Pamumuhunan sa kinabukasan ng B.C. sa pamamagitan ng Pondo sa Estratehikong Pamumuhunan sa BC (InBC Strategic Investment Fund)

Kabilang sa Badyet 2021 ang \$500 milyon na pantustos sa loob ng plano ng pananalapi para sa Pondo sa Estratehikong Pamumuhunan sa BC (InBC Strategic Investment Fund). Ang mga desisyon sa pamumuhunan ay gagawin na malaya sa pamahalaan, ngunit gagabayan ng prayoridad ng pamahalaan ng pagsusuporta sa mga espesipikong patakaran na pang-ekonomiya, panlipunan at pangkapaligiran, tulad ng pagkilos tungo sa isang mas berdeng ekonomiya at pagsusulong ng pagkakasundo.

Ang pamumuhunan sa pamamagitan ng pondo ay inaasahan na magsisimula sa huling bahagi ng taong ito, at makakatulong na umakit at mag-angkla ng mga negosyo na may mataas na pag-unlad, talento at magagandang trabaho sa B.C.

Kontak:

Mga Relasyon sa Media ng
Ministeryo ng Pananalapi
250 387-5710

Makipag-ugnay sa Lalawigan ng B.C. sa: news.gov.bc.ca/connect